

Ang mga taong nasa edad na 12 hanggang 15 ay maaaring magpareserba upang makatanggap ng bakunang BioNTech

Ibinaba ng Pamahalaan ang pinakamababang edad para sa pagtanggap ng bakunang BioNTech mula 16 sa 12. Ang mga taong nasa edad na 12 hanggang 17 ay maaaring magpareserba sa pamamagitan ng online na sistema sa pagpapa-book sa nakatalagang websayt ng Programang Pagpapabakuna (www.covidvaccine.gov.hk) para sa pagtanggap ng bakunang BioNTech sa 24 na Mga Sentro ng Pagbabakuna sa Komunidad (Community Vaccination Centres) sa buong teritoryo at kinakailangan nilang magdala ng isang dokumento ng pahintulot na nilagdaan ng kanilang mga magulang para sa pagkuha ng bakuna. Ang dokumento ng pahintulot (consent form) ay maaaring ma-download mula sa itinalagang websayt.

Kinakailangan nating maglagay sa Hong Kong ng panangga sa sakit sa lalong madaling panahon at ang susunod na tatlong buwan ay lubhang mahalaga. Dapat nating bilisan ang pagkilos upang makatanggap ng unang bakuna sa katapusan ng Agosto upang maprotektahan ang ating sarili, ang ating mga pamilya at mga kaibigan.